


# Mga Dapat Malaman ng mga Magulang at Tagapag-alaga Tungkol sa mga Di Inaasahang Pangyayari sa Paaralan



Nangako ang Departamento ng Edukasyon sa Hawaii na magbibigay ng ligtas na kapaligiran para sa mga estudyante, mga naninilbihan sa paaralan, at mga panauhin. Nakikipagtulungan kami sa mga safety officials o mga opisyal na namamahala sa kaligtasan sa antas nasyonal, estado, at lokal kagaya ng Polisyá, Pamatay-Sunog, Mga Namimigay ng Serbisyong Medikal sa Panahon ng Emerhensya, Mga Ahensyang Nangangasiwa sa mga Pangyayaring Di Inaasahan at ng Departamento ng Kalusugan upang masiguro na nakahanda ang mga paaralan sa panahon ng emerhensya.

Ang bawat paaralan ay gumagawa ng mga pagsasanay (drill) sa loob ng isang taon upang matulungan ang mga estudyante at mga naninilbihan sa paaralan na maging handa sa mga anumang mangyayari sakaling may mangyayaring emerhensya.

# Kung Paano Ka Makatutulong

## KAILANGANG NAKAHANDA KA PARA SA MGA DI INAASAHANG PANGYAYARI SA PAARALAN

- Siguruhing tama at bago ang impormasyon kung saan mahahanap ang inyong anak sa panahon ng emerhensya o sa mga di inaasahang pangyayari.
- Lahat ng mga paaralan sa ilalim ng DOE ay may plano kung ano ang gagawin sa panahon ng kagipitan o sa mga di inaasahang pangyayari. Kailangang malaman mo ang mga planong pang-emerhensya ng paaralan at kung paano kayo magkikita ng inyong anak kung sakaling sila ay ililikas.

## KUNG SAKALING MAY DI INAASAHANG PANGYAYARI

Kung ang una mong maisip ay ang tumawag sa inyong anak o ang madaliang pagpunta sa paaralang pinapasukan nito, ipinapayo na sundin ang mga 'tips' na nakalista sa ibaba:

- **HUWAG** kang tatawag o huwag kang magmamadaling pumunta sa paaralan. Kung may emerhensya, kailangan kasi ang linya ng telepono o ang agarang tulong mula sa mga naninilbihan sa paaralan.
- **HUWAG** teteleponohan ang inyong anak. Ang mga naninilbihan sa paaralan at mga estudyante ay pinipigilang gumamit ng selpon sa mga kadahilanang pangseguridad.
- Makinig o buksan ang mga lokal na estasyon ng TV/Radyo para sa mga opisyal na balita tungkol sa paaralan.
- Magtiwala lamang sa mga opisyal na pahatid mula sa mga opisyal ng paaralan at mga opisyal ng pamahalaan na may kinalaman sa kaligtasan.
- Makinig sa opisyal na pahatid kung paano kayo magkikita ng inyong anak. Pinahihintulutan LAMANG na maipagkatiwala ang estudyante sa magulang/tagapag-alaga kung may maipapakita ang huli na ID na may larawan kagaya ng lisensya ng pagmamaneho, ID sa militarya o pasaporte.
- Buksan ang website ng DOE: [doe.k12.hi.us](http://doe.k12.hi.us) para sa mga bagong balita o pahatid tungkol sa emerhensya.

## Pantawag sa mga Bagay at Paraan ng Kaligtasan

Sa panahon ng emerhensya sa paaralang pinapasukan ng inyong anak, kailangang malaman mo ang mga sumusunod na termino o pantawag:

### pagsasara (lockdown)

Mangyayari ang pagsasara o lockdown kung may banta o panganib sa paaralan mula sa loob o labas nito. Maisasara ang mga pintuan ng paaralan at mapapanatili ang mga estudyante sa kanilang mga kwarto. **Walang pinahihintulutang pumasok o lumabas sa paaralan hangga't di ipinapaalam na "all clear"na o wala ng panganib.**

### lugar na titirhan

Mailalagay ang mga estudyante sa lugar na sila'y ligtas sa mga mapanganib na bagay o sa masungit na panahon. **Walang pinahihintulutang pumasok o lumabas sa paaralan hangga't di ipinapaalam na "all clear" na o wala ng panganib.**

### paglilikas

May mga di inaasahang pangyayari na ang mga estudyante at mga naninilbihan sa paaralan ay kailangang umalis sa paaralan. Kailangan ang paglilikas kung hindi na ligtas ang kampus ng paaralan. May nakatalagang lugar na lilikasan para sa paaralan at taun-taon ginaganap ang mga pagsasanay sa paglilikas (evacuation drills). Kung tuluy-tuloy ang emerhensya at di makababalik ang mga estudyante sa kampus, maipatutupad ang pagkikita ng mga estudyante at mga magulang o tagapag-alaga. Kailangang alam mo ang mga patakaran na itinalaga ang paaralan tungkol sa kung paano kayo magkikita ng inyong anak.

**Pinondohan ng Tulong na Salapi Mula sa Mga Opisina ng Ligtas at Walang-Droga na Paaralan ng Departamento ng Edukasyon ng U.S.- Pangangasiwa ng Kahandaan at Emerhensya para sa mga Paaralan (REMS) na ipinagkaloob sa Departamento ng Edukasyon ng Estado ng Hawaii.**